7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Aralin 5

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 7**
**Kuwarter 3: Aralin 5 (Linggo 6)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Jingle P. Cuevas (Benguet State University)

**Tagasuri:**

- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**VALUES EDUCATION / KUWARTER 3 / BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang paglilingkod sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang paglilingkod sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya upang malinang ang pagiging mapagmalasakit. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagiging mapagmalasakit sa kapuwa sa pamamagitan ng paglalaan ng bahagi ng anomang halaga, gamit, oras, o kasanayan para sa kapuwa batay sa kaniyang kakayahan.<br>a. Nailalarawan ang mga paraan ng paglilingkod sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya.<br>b. Naipapaliwanag na ang paglilingkod sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya ay pinagmumulan ng pagkukusang gumawa ng kabutihan lalo na sa mahihirap, mahihina, at nasa laylayan ng lipunan ayon sa sariling kakayahan.<br>c. Nailalapat ang paglilingkod sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya. |
| **C. Nilalaman** | Paglilingkod sa Kapuwa Bilang Indikasyon ng Pananampalataya<br>a. Paglilingkod sa Kapuwa Bilang Pagsasabuhay ng Pananampalataya<br>b. Kaugnayan ng Paglilingkod sa Kapuwa at Pagkukusang Gumawa ng Kabutihan<br>c. Mga Paraan at Pagsasakilos ng Paglilingkod sa Kapuwa |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Mapagmalasakit (*Compassion*) |
| **E. Integrasyon** | |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

Altrogge, S. (2022, October 31). *Faith without works is dead?!? What does that mean?* The Blazing Center. https://theblazingcenter.com/2022/10/faith-without-works-meaning.html#:~:text=What%20Does%20It%20Mean%20That,James%202%3A14%2D26.

Compassion - Definition, Meaning & Synonyms. (n.d.). In *Vocabulary.com*. https://www.vocabulary.com/dictionary/compassion

Dedel, C., De Jesus-Ardina, A., Tacadena, J., Evangelista, H., Carlos-David, C., & Tubog, E. (2000). *A character development series A pocketful of virtues second year* (First Edition). Glad Tidings Publishing, Inc.

Gcu. (2022, March 22). Weekly Devotional: Serving God by serving others. *GCU*. https://www.gcu.edu/blog/spiritual-life/weekly-devotional-serving-god-serving-others

Life. (n.d.). *We serve God by serving others*. Site Name. https://thelife.com/we-serve-god-by-serving-others

McDonald, S. (2023, February 21). *How to show compassion to others*. https://www.linkedin.com/pulse/how-show-compassion-others-sonia-mcdonald

MSEd, K. C. (2021, November 1). *What is compassion?* Verywell Mind. https://www.verywellmind.com/what-is-compassion-5207366#citation-9

Staff, M. (2023, December 1). *How to be More Compassionate: A Mindful Guide to Compassion*. Mindful. https://www.mindful.org/how-to-be-more-compassionate-a-mindful-guide-to-compassion/

Tewari, A. (2023, August 24). *14 Real ways to show compassion to others and yourself*. Gratitude - the Life Blog. https://blog.gratefulness.me/how-to-show-compassion/

Villanueva, V.M. (2018). *#ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House

*What is compassion? Understanding the meaning of compassion*. (n.d.). https://www.compassion.com/child-development/meaning-of-compassion/

*What the community pantry movement means for Filipinos*. (n.d.). Cnn. https://www.cnnphilippines.com/life/culture/2021/4/19/community-pantry-filipinos-pandemic.html

Mga sanggunian sa larawan:

*Autumn leaves*. (n.d.). Openverse. https://openverse.org/image/c5a9480e-ea3b-4cd8-9a48-2dded319d572?q=leaves

*Mango “Julie” fruits*. (n.d.). Openverse. https://openverse.org/image/bf86cf8f-b60d-48b2-be60-b18b838bbb80?q=mango%20fruit

*Tree png sticker, transparent background*. (n.d.). Openverse. https://openverse.org/image/1d5582eb-6c8d-4494-ac9f-7fba5fd4a913?q=tree%20clip%20art

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | MGA TALA sa GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Nang Ikaw ay Naging Ako**<br>Bawat mag-aaral ay maghahanap ng kapareha na iba ang pananampalataya. Base sa mga natutuhan sa nakaraang aralin, ibahagi ang alam na kaugalian at paniniwala ng kapareha na parang siya (ang nagbabahagi) ang may paniniwala nito. Isama rin sa pagbabahagi kung ano ang inaasahang tugon ng ibang tao kapag isinasagawa ang mga kaugalian.<br>**Itanong sa mag-aaral**: Ano ang mga pagpapahalagang karaniwan sa lahat ng relihiyon?<br>Anoman ang relihiyon, ang paggalang at paglilingkod sa kapuwa ay isang pangkalahatang pagpapahalaga na itinataguyod ng sangkatauhan. Sa susunod na aralin ay tatalakayin kung paano nagsisilbing gabay at inspirasyon ang pananampalataya sa paglilingkod sa kapuwa. | Ito ay isang modelong banghay-aralin lamang. Maaaring baguhin ng guro ang mga gawain na naaayon sa kasanayan na dapat malinang, sa kakayahan ng kaniyang mag-aaral, at sa oras na nakalaan sa aralin.<br>**Maikling Balik-aral**<br>Upang mas mapalalim ang pag-unawa sa kaugalian ng iba na nag-uugat sa pananampalataya, ipagawa ang "Nang Ikaw ay Naging Ako" sa mga mag-aaral. Kung hindi maiiwasan at may mga magkakapareha na pareho ang pananampalataya, maaaring pumili ang isa sa kapareha ng ibang paniniwala o relihiyon na ibabahagi. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **I. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Dumaan sa *Maze***<br>Hatiin ang klase sa pangkat na may anim na kasapi. Tatlo sa mga kasapi ay may espesyal na gagampanan:<br>1. Isang kasapi ay makakalakad lang gamit ang isang paa<br>2. Isang kasapi ay may piring<br>3. Isang kasapi ay hindi maaaring magsalita<br>Kailangang lahat ng kasapi ay dadaan sa *maze* na walang naiiwan. Kailangang alalayan at gabayan ang mga kasapi na may espesyal na gampanin. Ang pangkat na may pinakamaiksing oras ng pagdaan sa *maze* ang mananalo.<br>**Itanong ang sumusunod:**<br>1. Ano ang mga hamon na naranasan sa pagdaan sa *maze*? Paano ito nalampasan?<br>2. Paano ang komunikasyon sa pangkat? May pagkakataon ba na hindi kayo nagkaintindihan?<br>3. Ano ang naramdaman habang ginagabayan o inaalalayan ang ibang kasapi ng pangkat? | **Dumaan sa *Maze***<br>Sa harap na bahagi ng silid-aralan gumawa ng isang *maze*. Maaaring ang mga ilalagay na balakid ay mga bote o anomang bagay na makikita sa silid. Maaari rin itong gawin sa labas ng silid-aralan.<br><br>Maaaring maghanda ng konting premyo sa mananalo. |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Ano ang aral o reyalisasyon na iyong nabuo mula sa gawain? Paano ka tumutugon sa mga nakikita mong taong may espesyal na pangangailangan?<br>5. Paano magiging magaan sa tao ang paglilingkod sa iba?<br>Ipaunawa sa mga mag-aaral na sa ginawang laro naipakita na may mga tao sa ating paligid na nangangailangan ng ating tulong at paggabay. Ang pagtugon sa kanilang pangangailangan ay pagpapakita ng malasakit sa kapuwa na nag-uugat sa ating pananampalataya sa Diyos.<br><br>**II. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Ambagan**<br>Isulat ang mga salita sa isang papel. Base sa hanay ng mga upuan, ibigay sa nasa unahan ng isang hanay ang isang papel. Isang salita sa bawat hanay. Magsusulat ng salitang may kaugnayan sa nakasulat sa papel ang mga mag-aaral. Pagkatapos magsulat, ipapasa ang papel sa mag-aaral na nasa likuran. Ang huling dalawang mag-aaral na tatanggap ng papel ay magtutulungan sa pagbuo ng kahulugan ng salitang nakasulat. Mga salita:<br>Habag Malasakit<br>Paglilingkod Pananampalataya | **Ambagan**<br>**Habag-** tumutukoy sa pagpapakita ng awa o pag-aalala sa kalagayan ng iba.<br>**Malasakit -** isang gawi na ating ipinapakita sa ibang tao. Ito ay ang pagbibigay pansin o pag-aalala sa kaniyang nararanasan, naiisip, at ginagawa at pagpigil sa mga masamang gagawin nito upang maiwasan ang kapahamakan ng taong ito<br>**Paglilingkod** - paggawa ng anomang bagay sa iba bilang pagpapakita ng tulong, may kapalit man o wala.<br>**Pananampalataya**-isang personal na paniniwala o kaisipan na nagbibigay ng kahulugan at direksiyon sa buhay ng isang tao |
| **I. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Paglilingkod sa Kapuwa Bilang Pagsasabuhay ng Pananampalataya**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Itanong:** Ano ang nais ipahiwatig ng nasusulat na "Sapagka't kung paanong ang katawan na walang espiritu ay patay, gayon din ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay din."<br>Ipaunawa na ang habag ay nasa pinakapuso ng Diyos at~~,~~ samakatuwid, ng ating pananampalataya. Bilang mga taong may pananampalataya, naghahangad din tayong maging mga taong mapagbiyaya, matuwid, at puno ng habag sa lahat. Dahil dito ang ating mga kinikilos at paraan ng paglilingkod sa isa't isa ay sumasalamin sa lalim ng ating pananampalataya. Ang malasakit ay pagkakaroon ng kamalayan sa paghihirap ng iba at pagnanais na gumawa ng mga hakbang upang makatulong na maibsan ang kanilang pagdurusa. Ang salitang habag ay nagmula mismo sa Latin at nangangahulugang "magdusa nang magkasama" (Merriam-Webster | |

| | | |
|---|---|---|
| | Dictionary). Ito ang kongkretong pagpapahayag ng pagmamahal sa kapuwa at nag-uugat sa ating pananampalataya. Ang taong nakaranas ng pag-ibig ng Diyos ay nagiging malaya sa paglilingkod. Hindi na siya alipin ng pagiging makasarili. Ang pangunahing dahilan ng kawalan ng oras at lakas magsilbi sa iba ay dahil punong-puno tayo ng sariling pangarap at mga bagay na nagpapasaya sa atin. Ang paglilingkod sa iba ay isang magandang paraan upang mapagtagumpayan ang pagiging makasarili at magpakita ng pagmamahal at kabaitan sa iba. Isa itong paraan ng paglilingkod sa Diyos at makatutulong sa paglago ang ating pananampalataya.<br>**Paano maglingkod nang epektibo?**<br>Narito ang ilan sa mga *tip* kung paano makakapaglingkod ng epektibo.<br>**1. Gamitin ang iyong mga talento.**<br>Mas makabuluhan ang pagpapaunlad sa mga talento at kakayahan kung ito ay gagamitin para maglingkod sa kapuwa. Ibinigay ng Diyos ang mga talento upang matugunan ang pangangailangan ng iba. Tukuyin kung anong meron ka at isipin kung paano mo magagamit ang mga kasanayang iyon para tulungan ang iba.<br>**2. Maging matiyaga**<br>Ang paglilingkod sa iba ay maaaring maging mahirap kung minsan. Mahalagang maging matiyaga sa iyong mga pagsisikap na tulungan ang iba. Gaya ng nasusulat, huwag tayong mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat sa tamang panahon ay mag-aani tayo kung hindi tayo susuko.<br>**3. Maging mapagpakumbaba**<br>Ang paglilingkod sa iba ay hindi tungkol sa pagtanggap ng pagkilala o papuri. Ito ay tungkol sa pagtulong sa iba at paggawa ng positibong epekto sa mundo.<br>**4. Maging magalang**<br>Kapag naglilingkod sa iba, mahalagang maging magalang sa kanilang mga paniniwala, pinahahalagahan, at kultura.<br>**5. Maging malikhain**<br>Maraming paraan para maglingkod sa iba. Gamitin ang iyong pagkamalikhain upang makabuo ng mga bago at makabagong paraan upang matulungan ang iba.<br><br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain 1. Iparinig at ipaawit ang kantang *Choose to Serve the Lord.*** | **Gawain 1:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral* |

| | | |
|---|---|---|
| | **Gawain 2. Ipabasa ang kuwento ni David at Goliath**<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Bilang isang mananampalataya sa Diyos ano naman ang iyong mga pinaniniwalaan na nagsisilbing gabay sa paggawa ng mabuti o paglilingkod mo sa kapuwa? | **Gawain:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Ang guro ay maaaring mamili lamang ng isa mula sa dalawang gawain para sa bahaging ito, depende sa natitirang oras.<br><br>Ang awit na *Choose to Serve the Lord* ay mapapanood sa link https://www.youtube.com/watch?v=-fDKdtZGCJM |

| Mga Sariling Paniniwala na Nagpapakita ng Pananampalataya sa Diyos | Mga Ginawang Mabuti Dahil sa Pananampalataya |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

**Kaugnay na Paksa 2: Kaugnayan ng Paglilingkod sa Kapuwa at Pagkukusang Gumawa ng Kabutihan**

**I. Pagproseso ng Pag-unawa**

Ang **paglilingkod sa kapuwa** ay isang mahalagang gawi na nagpapakita ng pagmamalasakit sa iba. Ito ay tumutukoy sa pagbibigay ng tulong o serbisyo sa mga taong nangangailangan nito. Sa kabilang banda, ang **pagkukusang gumawa ng kabutihan** ay tumutukoy sa paggawa ng mabuti para sa kapakanan ng iba ng hindi inuutusan o sinasabihan. Ito ay maaaring maipakita sa pamamagitan ng pagtulong sa mga taong nangangailangan, pagbibigay ng donasyon, o pagpapakita ng kabutihang-loob sa iba.

Ang paglilingkod sa kapuwa at pagkukusang gumawa ng kabutihan ay magkatuwang na nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapuwa tao. Sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapuwa, nagagawa natin ang ating tungkulin bilang tao na maglingkod sa iba. Sa kabilang banda, ang pagkukusang gumawa ng kabutihan ay nagpapakita ng ating

| | | |
|---|---|---|
| | pagmamalasakit sa kapuwa tao sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti para sa kanila.<br><br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**A. Ipabasa ang kuwento at sagutan ang mga katanungan.**<br>**Ang Pag-uwi**<br>Isang kuwento ang isinalaysay tungkol sa isang sundalo na sa wakas ay uuwi na rin pagkatapos nakipaglaban sa Vietnam. Tinawagan niya ang kaniyang mga magulang mula sa San Francisco. "*Mom* at *Dad*, uuwi na ako, pero may pabor akong hihilingin. Meron akong kaibigan na gusto kong iuwi kasama ko." "Sige," sagot nila. "Gusto namin siyang makilala.<br>"Pero may dapat kayong malaman tungkol sa kaniya" patuloy ng anak. Siya ay lubhang nasugatan sa labanan. Natapakan niya ang isang *land mine* at nawalan ng braso at binti. Wala siyang ibang mapupuntahan, at gusto ko siyang tumira sa atin." "Ikinalulungkot kong marinig iyan, anak. Baka matulungan natin siyang makahanap ng isang lugar na matitirhan." "Hindi, *Mom* at *Dad*, gusto ko siyang tumira sa atin." "Anak," sabi ng ama, "hindi mo alam kung ano ang hinihiling mo. Ang isang taong may gayong kapansanan ay magiging isang kakila-kilabot na pasanin sa atin. May kaniya-kaniya tayong buhay na dapat asikasuhin, at hindi natin hahayaan ang ganito na makagambala sa ating buhay. Sa tingin ko dapat umuwi ka na lang at kalimutan mo na ang lalaking ito. Makakahanap siya ng paraan para mamuhay nang mag-isa." Sa puntong iyon, ibinaba ng anak ang telepono. Wala nang ibang narinig ang mga magulang mula sa kaniya. Pagkaraan ng ilang araw, nakatanggap sila ng isang tawag mula sa pulisya ng San Francisco. Namatay ang anak nila matapos mahulog mula sa isang gusali, ang sinabi sa kanila. Naniniwala ang pulisya na ito ay pagpapakamatay. Ang mga magulang na nagdadalamhati ay lumipad sa San Francisco at dinala sa morge ng lungsod upang tukuyin ang bangkay ng kanilang anak. Nakilala nila siya, ngunit sila'y kinilabutan sa kanilang natuklasan, bagay na hindi nila alam - iisa ang braso at iisa ang paa ng anak nila!<br>**Pamprosesong Katanungan:**<br>1. Sa iyong palagay, bakit namatay ang anak? | |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Bakit pinili ng anak na itago ang katotohanang siya ang "kaibigang may kapansanan"?<br>3. Bakit tinanggihan ng mga magulang ang pabor na hinihingi ng kanilang anak? Sa iyong palagay, tatanggi kaya sila kung alam nilang anak nila ang may kapansanan? Ano ang ibig sabihin ng pagtanggi sa anak?<br>4. Gusto mo bang tanggapin ang isang taong may kapansanan sa iyong tahanan? o ang isang pulubi? Bakit o bakit hindi?<br>5. Ano na ang kusang nagawa mo sa mga may kapansanan, mahihirap, o pulubi na nasa lipunan?<br><br>**Pagkukusang Gumawa ng Kabutihan sa Kapuwa**<br>Basahin o panoorin ang kusang pagtulong at paglilingkod sa kapuwa na inumpisahan ni Ana Patricia Non sa pamamagitan ng *Maginhawa Community Pantry* noong kasagsagan ng pandemya. Sa isang mainit at nakakapasong hapon ng Miyerkules, naglakad si Ana Patricia Non sa mga kalye ng Maginhawa upang humanap ng lugar na parehong mapupuntahan at makakapigil ng malaking trapiko. Sa isang lugar sa harap ng isang Romantikong Baboy at Ministop, nilapitan niya ang mga may-ari ng lugar kung saan siya dating bumibili ng mga gulay at humingi ng pahintulot na gamitin ang espasyo para sa *pantry* ng komunidad. Nang mapagbigyan ito, nagmadali siyang umuwi para kunin ang mga nakahanda nang mga *packed goodies*. Tumawag ng *tricycle*, at mabilis na bumalik. Nagtayo siya ng kariton na kawayan sa kahabaan ng Maginhawa *Street* at pinaglagyan ito ng bigas, gulay, gatas, bitamina, *face mask*, de-lata, sabon, at iba pang kailangan. Nilagyan niya ito ng karatula na "Kumuha ayon sa pangangailangan, Magbigay ayon sa kakayahan". Dahil sa ginawa ni Patricia, nahikayat ang iba pa na magtayo rin ng mga kagayang *community pantry* sa iba't ibang lugar.<br>**Pamprosesong Katanungan:**<br>1. Ano ang naging inspirasyon ni Ana sa paglikha o pagtatayo ng *Maginhawa Community Pantry?*<br>2. Paano nakatulong ang *Maginhawa Community Pantry* sa mga nangangailangan noong panahon ng pandemya? | |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Ano ang naging epekto ng *Maginhawa Community Pantry* sa komunidad at sa iba na kumilos at makilahok?<br>4. Paano natin mailalapat ang mga aral na natutuhan sa *Maginhawa Community Pantry* sa ating sariling buhay?<br>5. Maliban sa nabasang halimbawa, paano pa magagamit ng tao ang sariling pagkukusa upang makapaglingkod sa kapuwa?<br><br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Hamon Serbisyo**<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 3: Mga Paraan at Pagsasakilos ng Paglilingkod sa Kapuwa**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang tunay na pananampalataya ay laging nagbubunga ng mabubuting gawa. Ang pananampalatayang hindi nagbubunga ng mabubuting gawa ay patay na. Ang pagmamalasakit ay nagsisilbing tulay tungo sa mas malalim na antas ng ugnayan at pag-unawa sa nararamdaman ng iba. Kaya, halimbawa, kapag ang isang tao ay nasaktan o dumadaan sa pagsubok o pighati, ito ay nag-uudyok sa atin na magpakita ng pang-unawa, suporta, at pagtanggap upang tulungan ang isang tao nang walang paghuhusga (McDonald, 2023).<br>Ang pagmamalasakit ayon kay McDonald (2023) ay kinabibilangan ng:<br>● Pag-unawa na ang mga karanasan ng iba ay maaaring kaiba sa atin at kung paano tayo makakatulong sa kanilang mga pakikibaka.<br>● Pagkilala na ang ating mga salita at kilos ay nakakaapekto sa mga nakapaligid sa atin, positibo o negatibo man ito.<br>● Pagiging sensitibo sa nararamdaman ng mga kasamahan upang mahikayat ang mas mabuting relasyon.<br>● Pakikinig sa mga kuwento at damdamin ng iba.<br>● Kakayahang ilagay ang iyong sarili sa kalagayan ng ibang tao.<br>● Nag-aalok ng suporta nang walang paghuhusga.<br>● Pagpapanatiling bukas ang isipan.<br>Gamit ang mga kasanayang ito, maaaring mapaunlad ang pagmamalasakit sa kapuwa at makabuo ng mas malalim na antas ng koneksiyon at pag-unawa sa mga nasa paligid mo.<br><br>**Ang Paghuhukom** | <br><br><br><br><br><br>**Gawain 2:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral* |

| | | |
|---|---|---|
| | Sa maluwalhating pagdating ng Anak ng Tao, kasama ang lahat ng anghel, uupo siya sa kaniyang trono ng kaluwalhatian. Tipunin sa harapan niya ang lahat ng mga bansa at sila'y kaniyang pagbubukod-bukurin, tulad ng ginagawa ng pastol sa mga tupa at mga kambing. Ilalagay niya sa kaniyang kanan ang mga tupa, at sa kaliwa naman ang mga kambing. Kaya't sasabihin ng hari sa mga nasa kanan niya, “Halikayo, mga pinagpala ng aking Ama! Pumasok kayo at tanggapin ang kahariang inihanda para sa inyo mula pa nang likhain ang daigdig. Sapagkat ako'y nagugutom at ako'y inyong pinakain; ako'y nauuhaw at ako'y inyong pinainom. Ako'y isang dayuhan at inyong pinatuloy. Ako'y hubad at ako'y inyong dinamitan, nagkasakit at inyong dinalaw, nabilanggo at inyong pinuntahan.” Sasagot ang mga matuwid, “Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom at aming pinakain, o nauhaw at aming pinainom? Kailan po kayo naging dayuhan at aming pinatuloy, o kaya'y hubad at aming dinamitan? At kailan po namin kayo nakitang nagkasakit o nabilanggo at kayo'y aming dinalaw?” Sasabihin ng Hari, “Tandaan ninyo, nang gawin ninyo ito sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, sa akin ninyo ito ginawa.” Sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, “Lumayo kayo sa harapan ko, kayong mga isinumpa! Doon kayo sa apoy na di namamatay na inihanda para sa diyablo at sa kaniyang mga kampon. Sapagkat hindi ninyo ako pinakain noong ako'y nagugutom; hindi ninyo ako pinainom noong ako'y nauuhaw. Hindi ninyo ako pinatuloy noong ako'y isang dayuhan. Hindi ninyo ako dinamitan noong ako'y hubad. Hindi ninyo ako dinalaw noong ako'y may sakit at noong ako'y nasa bilangguan.” At sasagot din sila, “Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom, nauhaw, walang matuluyan, hubad, may sakit, o nasa bilangguan, na hindi namin kayo tinulungan?” At sasabihin sa kanila ng Hari, “Tandaan ninyo, nang pagkaitan ninyo ng tulong ang isa sa pinakahamak sa mga ito, ako ang inyong pinagkaitan.” Itataboy ang mga ito sa kaparusahang walang hanggan, ngunit ang mga matuwid ay pupunta sa buhay na walang hanggan.<br>**Pamprosesong Katanungan:**<br>1. Ano-ano ang mga kilos ng paglilingkod na nabanggit sa binasa?<br>2. Ikaw ba ay nahikayat na maglingkod sa kapuwa dahil sa iyong nabasa? Ipaliwanag ang sagot.<br>3. Ano ang itinuturo ng kuwento tungkol sa kahalagahan ng paglilingkod sa iba?<br>4. Ano ang ilang pakinabang ng paglilingkod sa iba? | |

5. Paano tayo makakagawa ng pagbabago sa ating komunidad sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba?

**II. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 3**


**IKAAPAT NA ARAW**

**III. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Mamunga Ka!**

Magpagawa ng 5 hugis dahon sa mga mag-aaral at ipasulat ang mga maaari nilang gawin upang maipakita ang pagmamalasakit sa kapuwa sa tahanan, paaralan, sa simbahan, o sa pamayanan. Ipadikit ang mga ito sa isang hugis puno. Sa bawat isang maisasagawa ng mga mag-aaral ay papalitan ito ng hugis bunga. Gawin ito sa loob ng isang linggo.





**Mga Halimbawa:**

- Tumulong sa mga bahay-ampunan na nag-aalaga ng mga abandonadong bata.
- Gumawa ng *card* ng pasasalamat para sa tagapag-alaga ng simbahan.
- Maghatid ng mga pagkain sa mga nakabilanggo.
- Bisitahin at tumulong sa paglinis sa bahay ng may sakit na kamag-anak.
- Pumulot ng mga basura sa isang lokal na parke.

**Pinatnubayang Pagsasanay**

Ang guro ay maaaring mamili lamang ng isa mula sa dalawang babasahin para sa bahaging ito, depende sa natitirang oras.

**Gawain 3:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*

**Pagkukusang Gumawa ng Kabutihan sa Kapuwa**

Mababasa at mapapanood ang kuwento ng *Community Pantry* na kusang ginawa ni Ana Patricia Non sa sumusunod na *link:* https://www.cnnphilippines.com/life/culture/2021/4/19/community-pantry-filipinos-pandemic.html

**Mamunga ka!**

Gumawa ng hugis puno at idikit sa *bulletin board* o di kaya ay isang puno na maaaring sabitan ng mga dahon gaya ng ginagawa sa *Christmas Tree.*

Maaaring gamitin ang mungkahing larawan ng mga dahon at bunga at maaari ring magpaguhit sa mga mag-aaral ng namumungang kahoy na makikita sa lugar. Kung isang puno ang gagamitin para sa isang klase, mainam na pare-parehong dahon at bunga ang gamitin.

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Bakit mahalaga ang paglilingkod sa kapuwa? Ano ang mga maaaring gawin upang makapaglingkod sa kapuwa?<br>__________________________________________<br>Paano nakatutulong ang pananampalataya sa paglilingkod?<br>__________________________________________<br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Ano ang naging epekto ng paglilingkod at pagmamalasakit mo sa kapuwa? Paano nito naipapamalas ang mga pagpapahalagang itinuturo sa inyo ng inyong simbahan?<br>__________________________________________<br>Ano ang mga nakita mong hamon at limitasyon sa paglilingkod sa iba?<br>__________________________________________ | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Basahin at unawain ang mga katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot.**<br>1. Saan nakaugat ang kusang paglilingkod sa iba?<br>A. Pansariling pakinabang<br>B. Pagiging mabuting tao<br>C. Pananampalataya sa Diyos<br>D. Pagmamalasakit sa kapuwa<br>2. Ano ang pangunahing layunin ng paglilingkod na nag-uugat sa pananampalataya sa Diyos?<br>A. Makatanggap ng papuri mula sa Diyos.<br>B. Maparangalan bilang isang manggagawa.<br>C. Magkaroon ng isang matagumpay na karera.<br>D. Luwalhatiin ang Diyos.<br>3. Ano ang dapat nating maging saloobin sa paglilingkod sa iba?<br>A. Mapagmahal sa kapuwa<br>B. Kababaang-loob<br>C. Pagiging maawain<br>D. Pagnanais tugunan ang pangangailangan ng iba | Pagsusulit<br>1. C<br>2. D<br>3. B<br>4. B<br>5. B<br>6. Tama<br>7. Tama<br>8. Mali<br>9. Tama<br>10. Mali |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">4. Paano naiimpluwensiya ang relasyon ng naglilingkod sa kaniyang pinaglilingkuran? Piliin ang pinakamahusay na sagot.<br>A. Lumilikha ito ng pakakaisa.<br>B. Nagkakaroon ng tunay na pagmamahal at pakikiramay.<br>C. Ito ay nagdudulot ng pakikipagkaibigan.<br>D. Nagbubunga ito ng pag-unawa sa iba.<br>5. Si Amy ay araw-araw nagdadala ng dagdag na baon upang ibigay sa kaklaseng walang pambili ng pagkain. Anong pagpapahalaga ang ipinakita ni Amy?<br>A. pagtupad sa tungkulin<br>B. pagkukusang gumawa ng mabuti<br>C. kahusayan sa paggawa<br>D. pagtugon sa pangangailangan ng mga nasa laylayan ng lipunan<br>Tama o Mali<br>6. Mas makabuluhan ang paglilingkod sa kapuwa kung may pagmamahal gaya ng pag-ibig ng Diyos sa tao.<br>7. Ang mga talentong kaloob ng Diyos ay dapat ginagamit sa paglilingkod sa iba upang ang mga ito ay lalong umunlad.<br>8. Ang mga may kapansanan ay hindi dapat tinutulungan upang hindi sila nakadepende sa iba.<br>9. Ang paglilingkod ay pagpapalaya sa sarili mula sa pagiging makasarili.<br>10. Ang pagbabahagi ng mga materyal na bagay ay mas makabuluhan kaysa pagbabahagi ng oras.<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>Magmasid sa tahanan at sa kapitbahay kung ano ang maaaring gawin upang makapaglingkod sa kanila. Itala sa iyong dyornal ang iyong ginawa at mga aral na natutuhan sa paglilingkod sa kanila.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| C. **Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Mahusay bang naiugnay ang pananampalataya sa paglilingkod sa kapuwa sa mga nilalaman ng aralin at mga gawaing naibigay?*<br>*Paano nakatulong ang mga stratehiyang ginamit upang mas maisabuhay ng mga mag-aaral ang paglilingkod sa kapuwa?*<br>***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Ano ang naging tugon ng mga mag-aaral sa mga gawaing ibinigay?*<br>*Ano ang nagbigay inspirasyon sa mga mag-aaral upang gawin ng mahusay ang kanilang tungkulin sa araling ito?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba o maaaring gawing kakaiba sa susunod?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod upang maisabuhay ng mga mag-aaral ang paglilingkod?* | | | |